## Ano ang Fair Housing Act?

Noong 1968 nilagdaan ang Pantay na Batas na Pabahay/Fair Housing Act (FHA), na nagbabawal sa ilegal na pagdiskrimina sa anumang aspekto ng pabahay batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, relihiyon, kasarian, katayuan ng pamilya, at kapansanan ng isang indibidwal. Tinutukoy ng FHA ang mga nailahad na ito bilang kanilang pitong uri na protektadong pederal.

## Kung Saan Nalalapat ang Fair Housing Act

Nalalapat ang Fair Housing Act kapag ang mga tao ay nangugupahan, nagnanais na magkaroon ng sariling bahay sa pamamagitan ng pagbili o pagkuha ng hulugan, naghahanap ng tulong sa pabahay, o nakikibahagi sa anumang transaksyong nauugnay sa pabahay.



## ALAM MO BA NA MAAARI KANG MAGBIGAY NG REKLAMO?



## MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN

Sasagot kami sa 1 araw ng negosyo at ipapadala namin ang iyong reklamo sa tamang ahensya.

**Hotline Para Sa Reklamo:**
**520-306-0938**
**hotline@seriaz.org**
**AZ Relay Friendly Business**

Ang materyal na ito ay batay sa trabahong sinusuportahan ng Department of Housing and Urban Development (HUD) ng FHIP Grant FEOI220045.

Anumang opinyon, mga natuklasan, at mga kongklusyon o rekomendasyon na ipinahayag sa materyal na ito ay sa mga may-akda at hindi naman kinakailangang sumasalamin sa mga pananaw ng HUD.



seri

Naglilingkod sa mga komunidad sa Southwest Arizona mula pa noong 1994.

# Edukasyon ng Pantay na Pabahay

seriaz.org/fair-housing/tagalog

3202 E. Grant Rd., Tucson, AZ 85716





seri

Tumutulong sa mga komunidad sa Southwest mula pa noong 1994.

## Kasaysayan

Itinatag noong 1994, ang Sonora Environmental Research Institute, Inc. (SERI) bilang isang lokal na nonprofit sa Tucson, Arizona na nakikipagtulungan sa mga komunidad ng mga hindi sapat and kita at minorya sa Southwest upang tumulong na protektahan ang kapaligiran at mapabuti ang kalusugan ng komunidad. Sa pamamagitan ng pagtulong at pagkakaloob ng edukasyon, tinutulungan ng SERI ang komunidad na alisin ang diskriminasyon sa pabahay at protektahan ang mga karapatan ng lahat sa pantay-pantay na pabahay.

Ang SERI ay nagsisilbing daan ng mga reklamo sa katuwang na ahensyang rehiyonal, ang Southwest Fair Housing Council (SWFHC), at siyang tumutulong sa sinumang nakakaranas ng ilegal na diskriminasyon sa pabahay sa pamamagitan ng pagbibigay ng tulong sa imbestigasyon, pagpapayo, pagpapapagaan ng mga reklamo, at pagkakaloob ng tamang direksyon kung saan nararapat magtungo upang makakuha ng sapat na tulong sa buong Arizona.

## Ano ang Ipinagbabawal?

- Tumangging magpaupa, magbenta, o makipag-ayos para sa pabahay.
- Sa ibang paraan ay gawing hindi magagamit ang pabahay o sikaping pigilin ang pagbili o pag-upa sa isang tirahan.
- Magtakda ng iba-ibang tuntunin, kondisyon o pribilehiyo para sa pagbili o pag-upa sa isang tirahan.
- Magbigay sa isang tao ng iba o limitahan ang mga pribilehiyo sa mga serbisyo sa pabahay o pasilidad ng isang tirahan.
- Pagbibigay ng maling impormasyon upang itanggi na may pabahay na maaaring inspeksyonin, bilhin o upahan.
- Gumawa ng patalastas ng isang tirahan na nagsasaad ng anumang kagustuhan, limitasyon o diskriminasyon.
- Magpataw ng iba-ibang presyo ng pagbili o singil sa pag-upa para sa pagbili o pag-upa sa isang tirahan.
- Gumamit ng iba-ibang batayan para sa kwalipikasyon o aplikasyon, o mga pamantayan o pamamaraan para sa pagbili o pag-upa.
- Ligaligin ang isang tao.
- Magtalaga ng isang tao sa isang partikular na lugar ng isang gusali o kapitbahayan.
- Tumangging magbigay ng pautang para sa pabahay o magbigay ng iba pang tulong pinansyal para sa isang tirahan.
- Tumangging magbigay ng impormasyon tungkol sa mga pautang.
- Magpataw ng iba-ibang tuntunin o kondisyon sa isang pautang, tulad ng iba-ibang mga rate ng interes, puntos, o bayarin.

## Mga Posibleng Palatandaan ng Diskriminasyon

"Mali ang patalastas. Ang upa ay talagang mas mataas nang $50 bawa't buwan simula sa Agosto."

"Ang tinatanggap lang namin ay mga taong malinaw magsalita ng English."

"Baka maging mas komportable kang mamuhay sa ibang lugar. Ipapakita ko sa iyo ang mga lugar na may mga mosque."

"Sa kasamaang palad, mga hagdan lang ang meron kami. Hindi namin mabibigay ang walker para sa iyo."

"Mabigat ang trapiko sa lugar na ito. Hindi ligtas para sa mga bata na manirahan dito."

"Inirerekomenda namin na ang iyong pamilya ay umupa sa unang palapag para sa mas madaling pag-access."

"Sa kasamaang palad, hindi maaaring maayos ang banyo at washer hanggang sa susunod na linggo."

"Ito ay kuwarto na pang-isang tao, pasensya na."

"Dahil sa iyong pinagmulan, kakailanganin naming kumolekta ng mga karagdagang dokumento."

"Walang mga aso na pinapayagan sa propyedad ito, walang mga eksepsyon."

"Ang apartment na ikinuwento ko sa iyo noong ating tawag sa telepono ay napaupahan na."